

Mga Karapatan ng Magulang/Tagapag-alaga sa Multilingual

Minamahal naming mga Magulang/Tagapag-alaga,

Gusto naming tiyakin na alam ninyo ang inyong mga karapatan sa mga pampublikong paaralan ng Maine.

May karapatan kang humiling ng tulong sa wika (interpretasyon at pagsasalin) mula sa paaralan kahit na bihasa sa Ingles ang iyong anak. Ibibigay ito sa iyo nang walang bayad.

May karapatan ka sa mga serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin na ibinibigay ng mga kwalipikadong propesyonal. Maaaring hindi umasa o humiling ang mga paaralan sa mga estudyante, kapatid, kaibigan, o hindi nasanay na kawani ng paaralan na magsalin o mag-interpret para sa mga magulang/tagapag-alaga.

May karapatan kang tumanggap ng impormasyon mula sa paaralan sa isang wikang naiintindihan mo tungkol sa anumang programa, serbisyo, o aktibidad na tumatawag sa atensyon ng mga magulang/tagapag-alaga na bihasa sa Ingles.

Kabilang dito, pero hindi lang ang, impormasyong nauugnay sa:

- pagpaparehistro at pagpapatala sa paaralan
- mga pamamaraan ng karaingan at mga paunawa ng walang diskriminasyon na programa ng paaralan
- mga programa ng tulong sa wika
- mga manwal ng magulang/tagapag-alaga
- mga kard ng report
- mga programa para sa matatalino at may talento
- mga patakaran at pamamaraan ng disiplina ng estudyante
- magnet at charter na mga paaralan
- espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, at
- mga kahilingan para sa pahintulot ng magulang/tagapag-alaga para sa mga pagpupulong para talakayin ang pakikilahok ng estudyante sa espesyal na edukasyon sa mga aktibidad ng paaralan
- mga kumperensya ng magulang/tagapag-alaga-guro
- mga slip ng pahintulot

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang factsheet mula sa Departamento ng Hustisya at Departamento ng Edukasyon ng U.S.:

<https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/dcl-factsheet-lep-parents-201501.pdf>